



Kahilingan para sa Reklamo ng Komunidad sa Espesyal na Edukasyon (Special Education Community Complaint, SECC)

(Gumamit ng ibang form para magsumite para sa [Kaukulang Proseso](#))

Opsyonal ang form na ito. Gagamitin ng aming opisina ang impormasyong ibinigay mo para iproseso ang iyong reklamo. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng Plano ng Pang-Indibidwal na Edukasyon (Individualized Education Plan, IEP) at mga karapatan ng estudyante/pamilya, tingnan ang [Website ng Tanggapan ng Tagapangasiwa ng Pampublikong Pagtuturo \(Office of Superintendent of Public Instruction, OSPI\), Paglutas sa Hindi Pagkakaunawaan sa Espesyal na Edukasyon](#).

<p>Ipadala kay: Dr. Tania May Assistant Superintendent OSPI, Special Education PO Box 47200 Olympia, WA 98504-7200</p> <p>Petsa kung Kailan Ipinadala: _____</p>	<p>Ipadala rin sa: Direktor ng espesyal na edukasyon ng distrito ng paaralan; at/o tagapangasiwa ng distrito. Makikita ang impormasyon ng pakikipag-ugnayan para sa distrito sa Directory ng Espesyal na Edukasyon.</p> <p>Maaaring ibigay ang kopya ng reklamong ito sa pamamagitan ng email, fax, o papel na kopya. Isama ang sumusunod na mga detalye sa ibaba: ang pangalan ng distrito ng paaralan; ang address ng distrito ng paaralan; kung paano ibinigay ang kopya; kung kanino ibinigay ang kopya; at, kung kailan ibinigay ang kopya.</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>Petsa Kung Kailan Ipinadala: _____</p>
---	--

Seksyon I: Impormasyon ng Estudyante

Sinisikap ng OSPI na isama ang lahat at kumikilos ito para punan ang puwang sa pagitan ng mga oportunidad. Kung boluntaryo kang magbibigay ng impormasyon tungkol sa kondisyon ng kapansanan, lahi, at kasarian ng iyong anak, gagamitin lamang ang iyong kumpidensyal na impormasyon para tukuyin ang pangkalahatang kalakaran sa ating estado at para mapabuti ang paggabay at proseso ng paglutas sa hindi pagkakaunawaan ng OSPI. *Kung tungkol sa higit sa isang estudyante ang reklamo, gumamit ng isa pang pahina.*

Pangalan ng Estudyante

Kondisyon ng Kapansanan ng Estudyante

Baitang, Lahi/Etnisidad, Kasarian (Opsyonal)

Pangalan ng Paaralan

Seksyon II: Ang Iyong Impormasyon

**Ako ang magulang/tagapag-alaga ng nabanggit na estudyante
(bilugan ang naaangkop na sagot):** Oo / Hindi

Pangalan

Email

Address ng Kalye

Pangunahing Wika

Lungsod/Estado/Zip

Lahi/Etnisidad, Kasarian (Opsyonal)

Telepono

Kung hindi magulang/tagapag-alaga, ano ang iyong relasyon sa estudyante? _____

X _____

Ang Iyong Pirma

Petsa



Seksyon III: Mga Tagubilin para sa Reclamo ng Komunidad sa Espesyal na Edukasyon

Para sa tulong sa pagkumpleto ng form na ito, o para humiling ng format na mas madali mong ma-access, makipag-ugnayan lang sa Tanggapan ng Tagapangasiwa ng Pamublikong Pagtuturo, Sangay ng Espesyal na Edukasyon, sa 360-725-6075 o speced@k12.wa.us.

Dapat kang magpadala ng kopya ng iyong reclamo sa OSPI at sa paaralan/ahensya nang magkasabay. Mahahanap mo ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng paaralan/ahensya sa [Directory ng Espesyal na Edukasyon](#).

Dapat na may pirma mo ang iyong reclamo. Iniaatas ng Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act, IDEA) at mga regulasyon sa espesyal na edukasyon ng Washington ang pirma.

Nangyari ba ito sa loob ng nakalipas na taon? Maaari lamang imbestigahan ng OSPI ang mga alegasyon sa espesyal na edukasyon na nangyari sa loob ng isang taon mula sa petsa kung kailan natanggap ang iyong reclamo. Halimbawa, kung natanggap namin ang reclamo ng Oktubre 1, 2021, puwede naming imbestigahan ang panahon simula noong Oktubre 2, 2020.

May kaugnayan ba ito sa ibang bagay maliban sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon? Kung may kaugnayan sa diskriminasyon o mga karapatan ng estudyante sa ilalim ng Seksyon 504 ng Batas sa Rehabilitasyon ang iyong reclamo, makipag-ugnayan sa Tanggapan ng mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights) sa 1-800-421-3481, o Tanggapan ng OSPI para sa Pagkakapantay-pantay at mga Karapatang Sibil (OSPI's Equity & Civil Rights Office) sa 360-725-6162. Dapat na idirekta ang mga tanong tungkol sa propesyonal na pag-uugali sa Tanggapan ng mga Gawaing Propesyonal (Office of Professional Practices, OPP) sa 360-725-6130.

Mga Tuluyan: Kung kailangan mo ng mga matutuluyan para makumpleto ang form na ito o para makipag-ugnayan sa team na lumulutas ng hindi pagkakaunawaan, tawagan ang 360-725-6075 o speced@k12.wa.us.

Impormasyon na ibinahagi sa panahon ng pagsisiyasat ng reclamo: Iniaatas ng mga regulasyon sa espesyal na edukasyon ng Washington na ibahagi ng OSPI ang anumang dokumentasyon na ibinahagi ng distrito sa magulang/nagrereclamo at anumang impormasyon na ibinahagi ng magulang/nagrereclamo sa distrito bilang bahagi ng pagsisiyasat. Kung ang nagrereclamo ay hindi magulang/tagapag-alaga ng estudyante, iniaatas ng OSPI ang pagpapalabas ng impormasyon, na pinirmahan ng magulang, bago ibahagi ang anumang impormasyon ng pagkakakilanlan ng estudyante. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa proseso ng reclamo, tingnan ang: [Pangkalahatang Ideya ng Proseso ng Reclamo](#).

Demograpikong Impormasyon

Sinisikap ng OSPI na isama ang lahat at kumikilos ito para punan ang puwang sa pagitan ng mga oportunidad. Kung boluntaryo kang magbibigay ng impormasyon tungkol sa kondisyon ng kapansanan ng iyong anak, ang lahi at etnisidad ng mga miyembro ng iyong pamilya, at ang pagkakakilanlan ng kasarian ng iyong estudyante, pananatilihin naming pribado ang iyong kumpidensyal na impormasyon at gagamitin lamang namin ito para tukuyin ang mga kalakaran sa ating estado. Ginagamit namin ang impormasyong ito sa kabuuan, nang hindi ito iniuugnay sa sinumang indibidwal na mag-aaral o pamilya, para patuloy na mapabuti ang aming gabay para sa mga paaralan sa Washington at para mapabuti ang aming mga proseso na sumusuporta sa mga karapatan ng mga mag-aaral at pamilya.

Karaniwan na, hindi ibinabahagi ng OSPI ang impormasyon (hal., mga email at mga dokumento ng espesyal na edukasyon) na ibinigay sa OSPI sa panahon ng proseso ng pagsisiyasat ng SECC sa ibang indibidwal, entidad, o mga ahensya ng pederal o estado

Maaaring humiling ang mga miyembro ng publiko na i-access ang naturang impormasyon sa ilalim ng Batas sa mga Pamublikong Rekord ng estado ng Washington, ngunit kung sakaling ginawa ang naturang kahilingan, maraming "mga pagbubukod" ang umiiral. Sa madaling salita, may ilang uri ng impormasyon na **hindi** maaaring ma-access ng mga miyembro ng publiko. Higit sa lahat, ang sumusunod na impormasyon ay **hindi** ibibigay ng OSPI bilang tugon sa kahilingan sa mga pamublikong rekord:

- Ang impormasyon na, nag-iisa o pinagsama, ay may kaugnayan o maiuugnay sa isang partikular na estudyante na magbibigay-daan sa makatuwirang indibidwal sa komunidad ng paaralan, na walang personal na kaalaman sa nauugnay na mga sitwasyon, na makilala ang estudyante nang may makatuwirang katiyakan. Halimbawa, impormasyon tungkol sa kapansanan o lahi at etnisidad ng iyong anak.
- Personal na impormasyon para sa mga miyembro ng pamilya o mga tagapag-alaga ng estudyante kung ang impormasyon ay magdudulot ng pagsisiwalat ng personal na impormasyon ng estudyante.
- Impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga miyembro ng pamilya o mga tagapag-alaga kapag may emergency .

Para sa karagdagang impormasyon sa mga kahilingan sa pamublikong rekord, sumangguni lamang sa mga sangguniang ito:

- [Kahilingan sa mga Pamublikong Rekord ng OSPI](#)
- [Mga Alituntunin sa Pagbubukod sa mga Pamublikong Rekord ng OSPI](#)
- [Tanggapan ng Pangkalahatang Abogado ng Washington: Pagkuha ng mga Rekord](#)

Seksyon IV: Mga Alegasyon – Ano ang pinaniniwalaan mo na ginawang mali ng paaralan?

A. Ang iyong Pahayag ng alegasyong (mga) paglabag:

Hindi mo kailangang malaman kung anong batas ang nilabag, pero dapat mong ipaliwanag kung ano ang pinaniniwalaan mo na ginawang mali ng paaralan, gaya ng: "Hindi sinusunod ng mga guro ang IEP ng anak ko." Pakilagyan ng mga pahina kung kailangan mo ng karagdagang espasyo para magsulat. Gayundin, pakitandaan: Puwede lamang imbestigahan ng OSPI ang mga alegasyong paglabag kung nangyari ito sa nakalipas na taon ng kalendaryo.

Naniniwala ako na nilabag ng paaralan ang mga inaatas sa espesyal na edukasyon sa:

B. Mga impormasyon tungkol sa iyong alegasyon:

Pakisama ang mahahalagang petsa at detalye tungkol sa nangyari.

C. Anong mga dokumento ang sumusuporta sa iyong alegasyon?

Ang mga sulat mula sa paaralan, ang pagsusuri at IEP ng estudyante, mga abiso, at iba pang dokumento ay maaaring makatulong para maipakita ang nangyari at ang pinaniniwalaan mo na ginawang mali ng paaralan. Hinihikayat ka subalit hindi inaatasan na ilakip ang nauugnay na mga dokumento gaya ng IEP.

D. Ano ang gusto mong mangyari?

Gusto naming malaman kung anong remedyo ang hinihiling mo kung mapagpasyahan ng OSPI na nilabag ng paaralan ang mga karapatan ng estudyante. Halimbawa, maaari kang humiling ng karagdagang serbisyo ng IEP o isang pagpupulong ng IEP.